# MANIBELA AT ANGKLA

*by:*
**Christian E. Canta**
*Teacher II, Bonifacio Camacho National High School*

Hindi siya ang kapitan ng barko. Hindi niya propesyon ang gumuhit ng mapa. Ngunit sa gitna ng dagat ng kawalan, siya ang tanging kompas — ang guro.

Sa bansa kung saan madalas pabago-bago ang kurikulum, kung saan ang edukasyon ay maipipintang isang barkong walang malinaw na direksyon. Ang kaguruan ang siyang unang sumasalo sa salpukan ng mga bayolenteng alon. Sa bawat kautusang biglaang ibinababa, mga aralin na parating kailangang habulin, at sa bawat estudyanteng tila nawawala na sa landas, mayroong nagpapakatatag. Hanggang sa pinaka tahimik na paraan, mayroong gumagabay — ang guro.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Tahimik man ang yapak, ramdam naman ang bigat.

Sa isang silid-aralan na binubuo ng maraming bilang ng mag-aaral, siya ang nagsisilbing mapa ng iba't ibang pangarap na ninanais marating. Hindi sa lahat ng pagkakataon tiyak siya. Walang kasiguraduhan na mababawi sa kikitain niya ang lahat ng dedikasyong binubuhos niya. Ngunit araw-araw, nagbubukas siya ng pintuan ng silid-aralan, tangan ang isang layunin. Ang maihatid ang bawat isa. Hindi na alintana kung una siyang makarating at huli siyang maka-uwi.

Kahit siya mismo ay naliligaw minsan.

Sa bansang tila ang edukasyon ay nasasalig sa usapin ng kung sino ang nanunungkulan na nagiging proyekto lamang tuwing kailangan magpa-ingay ng pangalan ng kung sinong politiko tuwing eleksyon, nananatiling tapat ang kaguruan sa kanilang layunin.

Hindi dahil pinipilit sila. Bagkus, tapat sila sa mga batang marunong maniwala, marunong umasa, marunong mangarap.

Karamihan sa kanila ay lumalangoy sa kakulangan. Ganon pa man, nanantili silang nakatindig. Sapagkat sa bawat batang natututo, bawat kamay na tumataas sa diskusyon sa klasrum, nararamdaman nilang buhay ang direksyon. May pag-asa pa ang edukasyon. Hindi ito manggagaling sa itaas, kundi mula sa puso ng mga sumusunod sa ibaba.

Sapagkat minsan, hindi ang gobyerno ang gabay sa direksyon ng mga guro — kundi ang mga batang nangangarap.

Kahit kailan, hindi naging ordinaryong tauhan lamang ng sistema ang mga guro. Sila ang kompas. Hindi palaging tama. Hindi palaging ligtas sa gusot. Ngunit sa gitna ng malawak at magulong karagatan ng sistemang Pilipino, hindi sila papayag na walang daan. Gaano man ka-uga ang abutin ng biyahe, kung para sa pangarap ng kabataang Pilipino, iaalay nila hanggang sa huling patak ng pag-asa na mayroon sa kanila.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

https://www.academia.edu/31000852/Guro_Tagapagtaguyod_ng_Makabayang_Pedagohiya